# Dedma

**Abra**

Bakit hindi ko maintindihan? Ha! Sino ba at nasaan? Ha!
Ano siya anito? superhero? Tagarito ba o baka taga buwan!
Ano ba yan! gawa-
gawa lng ba ng tao? o kabaliktaran tulad ni Adan?
Yung totoo di mo alam ayaw maki-alam o wala ka lang paki-
alam...
Andami ng namamatay, pumapatay, nagpapakamatay at nabubuhay sa
mali...
Mga bata'y nadadamay sa mga away... Ang gulo na ng mundo na kul
ang sa pansin..
Puro pa gera, dulot ng pera, nakakalungkot ba't ka ubod ng DEDM
A?
Punyeta! Retreat sa kweba oras na ma-
sodom at gomorrah tong buong planeta, teka!

Kay rami nang tukso nandyan at lalapit sa'yo mga matang nakasun
od, nakabantay naglalakbay,
Sa pagitan ng dilim at ng liwanag mapait ang katotohanan sa mun
dong makasalanan.

Pa'no kung walang kabilang buhay? Pa'no niyo kami matutubos?
Paano kung wala paring patunay at yun ay kasi wala naman talaga
ng diyos...
Na bwakaw magpasamba kung ayaw mo daw mananalanta pero ganun pa
rin naman kahit magdasal ka.
Tingnan mo deuteronomio kung mapagmahal siya nasa'n na ba kasi
yung ebidensya?
Mukhang natakpan ng piring ang sistema mga pruweba ng primitibo
ng siyensya!
Mahirap tanggapin na para ding penitensya! Sentensiya!
Sa mga mapang-
abuso kontrolado utak kapagka hawak ang puso punto,
Sa'n patungo ang relihiyon? Sa katapusan ba ng mundo o sa pangi
noon bakit gano'n?

Kay rami nang tukso nandyan at lalapit sa'yo mga matang nakasun
od, nakabantay naglalakbay,
Sa pagitan ng dilim at ng liwanag mapait ang katotohanan sa mun
dong makasalanan.
...
Minsan, 'di natin nababatid ang kamalian ng lahat na siyang kay
hirap tanggapin at kahit iisa ang kinikilalang diyos ama ang t
anong,
bakit yata parang dedma yung iba?

Nasaan!? Nasaan ang kaligtasan? Kapag naghiganti na si inang ka
likasan?
Delubyo tapos tuhog sunog, chicken inasal halik ni kamatayan sa

ng kabihasnan
Sino ba dapat sisihin para sa kasamaan? Demonyo ba o malayang p agpasyang may kapatawaran?
May kaluluwa po ba talaga yung katawan? O kathang-isip lamang ng takot sa kawalan?
Kailangan ko ng bendisyon, maliwanagan parang si Thomas Edison kahit mabusisi
Alam ko sa sarili ko, di ko kayo kinekwestiyo, malayang desisyo n...
Kasi imposibleng inimbento ka lang sino ang arkitekto? Sikreto nalang...
Perpekto lahat tao disenyo pa lang ang tanong. bakit ganon? Yan ang pala isipan!

Kay rami nang tukso nandyan at lalapit sa'yo mga matang nakasun od, nakabantay naglalakbay,
Sa pagitan ng dilim at ng liwanag mapait ang katotohanan sa mun dong makasalanan.


Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!